

Exotic Newcastle Disease

Ang Exotic Newcastle disease (END) ay isang nakakahawa at nakamamatay na sakit na nakapipinsala sa lahat ng uri ng ibon. Dating kilala bilang velogenic viscerotropic Newcastle disease (VVND), ang END ay maaaring isa sa mga pinaka-nakahawang sakit sa manukan sa mundo. Ang END ay lubhang mapaminsala na karamihan sa mga ibon ay nangamatay nang walang pinapakitang anumang klinikal na palatandaan. Ang halos 100 porsiyentong tanto ng kamatayan ay maaaring mangyari sa hindi nabakunahang kawan ng mga manok. Ang exotic Newcastle ay maaaring makahawa at magiging sanhi ng kamatayan kahit sa mga nabakunahang manok.

Ang mga opisyal ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura ng California [California Department of Food and Agriculture (CDFA)] at ng Serbisyo sa Pagsisiyasat sa Kalusugan ng Hayop at Halaman [Animal and Plant Health Inspection Service (APHIS)] ng Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos [U.S. Department of Agriculture (USDA)] ay kasalukuyang nagsasagawa ng kampanya sa pagpuksa ng END sa pang-bakuran at pang-komersiyong manukan. Ang sakit ay nakumpirma noong ika-1 ng Oktubre, 2002.

Upang mapiligan ang pagkalat ng END sa lugar na ito, ang mga beteryaryo ng Estado ay nagpataw ng kuwarentenas na makakaapekto sa mga may-ari ng manukan at mga tanghalan ng mga manukan sa buong County ng Angeles at mga lugar sa Riverside at San Bernardino, at San Jacinto Mountains, na matitiyak ayon sa mga pangyayari.

Mga Klinikal na Palatandaan

Ang END ay nakakaapekto sa mga sistema sa paghinga, nerbiyos, at panunaw. Ang haba ng panahon para sa paglaganap ng sakit ay aabot mula 2-15 araw. Ang isang nahawang ibon ay maaaring magpakita ng mga sumusunod na palatandaan:

- Paghinga: pagbabahin, pangangapos ng hininga, paglabas ng uhog, pag-ubo;
- Panunaw: mala-berde, matubig na pagbululos;
- Nerbiyos: pananamlay, panginginig ng kalamnan, paglaylay ng mga pakpak, pagpilipit ng ulo at leeg, pagpaikut-ikot, ganap na pagkaparalisa;
- Bahagya o ganap na pagbaba ng produksiyon ng itlog;
- Produksiyon ng mga itlog na may manipis na balat;
- Pamamaga ng mga tisyu sa palibot ng mga mata at ng leeg;
- Biglang pagkamatay;
- Lumalaking pagkawala ng kawan sanhi ng pagkamatay.

Paano Kumakalat ang END

Ang END ay kadalasang kumakalat sa pamamagitan ng direktang pagkadiit ng malulusog na ibon sa inilalabas na mga dumi ng katawan ng nahawang mga ibon. Ang sakit ay naisasalin sa

pamamagitan ng mga dumi at mga sekresyon mula sa ilong, bibig, at mga mata ng nahawang mga ibon. Ang END ay madaling kumalat sa mga ibon na nakakulong, gaya ng mga manok na pang-komersiyoso.

Ang mataas na konsentrasyon ng birus na END ay nasa mga inilalabas na dumi ng katawan ng mga ibon. Kaya't ang sakit ay madaling kumalat sa mekanikal na paraan. Ang mga material na nagtataglay ng birus ay maaaring makuha sa mga sapatos at kasuotan na dala galing sa nahawang kawan tungo sa isang malusog na kawan. Ang sakit ay kadalasang kumakalat sa pamamagitan ng mga manggagawang nagbabakuna at nagtatanggal ng tuka, mga nag-aarastre ng ipot, mga drayber ng trak, mga kawaning naghahatid ng patukain, mga mamimili ng manok, mga taong nagsisilbi ng itlog, at mga may-ari at mga empleyado ng manukan.

Ang birus na END ay mananatiling buhay sa loob ng ilang linggo sa isang mainit at halumigmig na kapaligiran sa mga plumahe, ipot ng mga ibon, at iba pang mga materyal. Ito ay mananatiling buhay sa walang katiyakang panahon sa isang eladong materyal. Subali't, ang birus ay madaling mapuksa sa pamamagitan ng pagpapaiga at ng mga ulatrayoladong sinag ng araw.

Ang mga ipinuslit na alagang ibon, lalung-lalo na ang mga lorong Amazon na galing Latinong Amerika, ay nagbibigay ng malaking panganib na magdala ng exotic Newcastle sa Estados Unidos. Ang mga lorong Amazon na nagdadala ng sakit nguni't hindi nagpapakita ng mga sintomas ay may kakahayang magluno ng birus na END na mula pa mahigit 400 araw ang nakaraan.

Paano Makakatulong ang Mga Nag-aalaga ng Manok sa Pagkontrol at Pagpigil ng END

Ang tanging paraan upang mapuksa ang END mula sa manukang pang-komersiyoso ay sa pamamagitan ng agarang pagsira sa lahat ng nahawang mga kawan at pagpapatupad ng mahigpit na kuwarentenas at mga programa para sa masusing pagmamatyag. Dapat palakasin ng mga magmamanok ang mga gawi sa seguridad pang-biyolohiko upang maiwasan ang pagdapo ng sakit sa kanilang mga kawan. Ang seguridad pang-biyolohiko ay mahalaga rin upang mabigyang-proteksiyon ang pang-bakuran at pang-libangang mga kawan. Ang sumusunod ay mga pabatid para sa tamang gawi sa seguridad pang-biyolohiko:

- Payagan lamang ang lubhang kailangang mga manggagawa at mga sasakyan sa paligid.
- Maglaan ng malinis na kasuotan at mga pasilidad panglanggas para sa mga empleyado.
- Linisin at langgasin ang mga sasakyan (kabilang na ang mga gulong at ilalim ng sasakyan) na pumapasok at lumalabasa mula sa paligid.
- Iwasang dumalaw sa ibang mga operasyon ng manukan.

- Panatilihin ang pilosopiyang “lahat ng ipinasok, lahat ilalabas” sa pamamahala ng kawan sa isang kawan na magkasing-edad.
 - Kontrolin ang paglilipat ng lahat ng manok at produkto ng manok mula sa isang manukan tungo sa iba.
 - Huwag “halagapan” ang matatandang ibon mula sa isang kawan upang ibenta sa isang merkado ng buhay na manok.
 - Linisin at langgasin ang mga manukan bago maglagak ang panibagong kawan ng mga ibon.
- Huwag mag-alaga ng mga ibon sa manukan. Huwag umupa ng mga empleyadong may alagang mga ibon.
- Ihiwalay ang mga manggagawang nagbabakuna, mga manggagawang nanghuhuli, at iba pang mga kawani sa serbisyo na maaaring nasama sa ibang operasyon ng manukan sa loob ng 24 oras.
- Bigyang-proteksiyon ang mga kawan mula sa mga ligaw na ibon na maaaring sumubok na mangitlog sa mga manukan o tumuka kasama ang mga alagang ibon.
- Kontrolin ang mga gawaing may kaugnayan sa pagtapon at pagtangan ng mga patay na ibon, mga kalat, at dumi nito.
- Dalhin ang mga patay na ibon sa isang laboratoryong kumikilala ng sakit para sa isang iksamen.

Paano Makakatulong ang Mga Nag-aalaga ng Ibon at Mga Interesado sa Pangbakurang Manukan sa Pagkontrol at Pagpigil ng END

Ang END ay isa ring banta sa industriya ng pag-aalaga ng ibon at mga naglilibang sa pagmamanukan. Ang mga ibon na ilegal na ipinuslit sa Estados Unidos ay hindi nakuwarentenas at nasuri ng APHIS kaya’t maaring magdala ng birus na END. Ang mga may-ari ng mga alagang ibon ay dapat:

- Humingi ng sertipikasyon mula sa mga pinagkunan na ang mga ibon ay legal na ipinasok o kaya’y mga hayop ng Estados Unidos, na malulusog bago pa man mailulang-dagat, at maipadala sa pamamagitan ng bago o lubusang nadisimpektang mga lalagyan.
- Magpanatili ng mga talaan ng lahat ng mga naibenta at nailulang-dagat na mga kawan.
- Ihiwalay ang lahat ng mga bagong biling ibon sa loob ng mahigit kumulang 30 araw. Higgitan ang galaw ng mga kawani sa pagitan ng mga bago at mga lumang ibon.

Ang mga lorong Amazon ay mahirap mapaamo. Sinumang nag-aalok na magbenta ng marami-raming mga batang loro ay dapat na paghinalaang nagpupuslit o bumibili ng puslit na mga ibon.

Tungkulin ng APHIS

Upang maiwasang makadapo ang END sa mga kawan ng manok ng Estados Unidos, iniuutos ng APHIS na ang lahat ng inangkat na mga ibon (manok, mga alagang ibon, mga ibong itinatanghal sa mga soo, at mga ibong hindi lumilipad) ay dapat nasuri at kuwantenado mula sa mga sakit bago ipasok sa bansa.

Bilang karagdagan sa pandaigdigang paghihigpit sa pag-angkat, pinag-ibayo ng APHIS ang mga pagsisikap sa pagmamatyag upang manmanan kung ang END ay aksidente bang nakapasok sa Estados Unidos. Ang APHIS at ang mga beterinaryo ng Estado na sinanay upang sumuri sa kakaibang mga sakit ng hayop ay regular na nagsasagawa ng mga pananaliksik sa kahinahinalang mga kondisyon ng sakit. Itong pagmamatyag ay dinagdagan ng mga pagsisikap mula sa mga kawani ng pamantasan, mga opisyal ng Estado na may kinalaman sa kalusugan ng hayop, mga beterinaryong binigyang-kapangyarihan ng USDA, at mga kinatawan ng industriya.

Kapag ang END ay natuklasan sa mga alagang manok o mga alagang ibon, ang APHIS ay kaagad makipagtulungan sa mga katumbas nito sa Estado at industriya upang ipatupad ang mga agresibong remedyo, kabilang na ang pagkuwarentenas, pagkontrol, at paglinis, upang mapigilan ang mga pagkakataong kumalat ang sakit.

Pagsumbong ng Mga Kahina-hinalang Kaso

Ang mga may-ari ng alagang ibon o mga beterinaryo na naghihinala na ang isang ibon ay may END ay dapat na makipag-ugnayan kaagad sa Estado o Pederal na mga awtoridad para sa kalusugan ng hayop.

Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-alam sa:
 USDA, APHIS, Mga Programang Pang-emerhensiya
 Hinggil sa Mga Serbisyong Pang-beterinaryo
 (Veterinary Services Emergency Programs)
 4700 River Road, Unit 41
 Riverdale, MD 20737-1231
 Telepono (301) 734-8073
 Fax (301) 734-7817

Ipinagbabawal ng Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos [U.S. Department of Agriculture (USDA)] ang diskriminasyon sa lahat ng mga programa at gawain nito batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, relihiyon, edad, kapansanan, mga paninindigan sa politika, oryentasyong seksuwal, o estado sa pag-aasawa o pagpapamilya. (Hindi lahat ng mga ipinagbabawal na batayan ay maisasakatuparan sa lahat ng mga programa.) Ang mga taong may kapansanan na nangangailangan ng ibang mga paraan ng pakikipagtalastasan ng impormasyon ukol sa programa (Braille, malalaking sulat palimbag, audioteyp, atbp.) ay kailangang makipag-alam sa Sentro ng TARGET ng USDA sa (202) 720-2600 (boses at TDD).

Upang magsampa ng karaingan sa diskriminasyon, sumulat sa USDA, Direktor, Tanggapan ng Karapatang Pangmamamayan (Office of Civil Rights), Room 326-W, Whitten Building, 1400 Independence Avenue, SW, Washington, DC 20250-9410 o tumawag sa (202) 720-5964 (boses at TDD). Ang USDA ay tagapagbigay ng parehas na oportunidad at taga-empyelo.